



# Isang Pangitain ng Pagbabalik ni Jesus at ang Araw ng Paghuhukom na ibinigay sa isang batang Asyano na si Sarang.

**Ang sumusunod ay isang panayam kay Sarang at sa kanyang ina patungkol sa lahat ng nakita ni Sarang.**
**Kasama rin ang mga larawang iginuhit ni Sarang upang isalarawan ang mga ipinakita sa kanya.**

www.DivineRevelations.info/TAGALOG



*Sarang weeping*

Kamakailan lamang, ipinakita ng Panginoon ang mga mangyayari sa hinaharap sa isang batang Koreyana na nagngangalang Sarang. Pinagkalooban siya ng Panginoon ng isang makapangyarihang karanasan sa espiritwal, at ang Panginoon ngayon ay nangungusap sa mga tao sa mundo pamamagitan ni Sarang. Ipinakita kay Sarang ang mangyayari sa mga huling araw ng mundo habang siya'y nasa pagitan ng estado ng pagiging tulog at gising. (Joel 2:28) Nakita niya na kakaunti lamang ang bilang ng mga taong mapupunta sa Langit, habang ang mga maiiwan naman ay masusunog sa tindi ng sikat ng araw.



Tulad ng pangyayari sa panahon ni Lot, nang umulan ng lumiliyab na asupre mula sa Langit at winasak ang Sodom at Gomorrah, (Joel 2:28) nakita ni Sarang ang mga taong kasindami ng buhangin sa dalampasigan na nalalaglag patungong Impiyerno matapos na sila'y matupok ng lumiliyab na asupre.

Ipinaalam ng Panginoong Jesus ang kanyang matinding kalungkutan para sa mga taong masusunog habambuhay sa lumalagablab na asupre sa Impiyerno. Umiiyak rin si Sarang habang ibinabahagi ang kanyang karanasan tulad ng pagtangis ng Panginoong Jesus. Ang kanyang mga luha ang nagpapakita ng matinding kalungkutan ng Diyos para sa mga taong masusunog sa lumalagablab na asupre.

Para sa inyo na nakaririing ng mensaheng ito, ibahagi at ipaalam sa iba ang matinding kalungkutang nararamdaman ng ating Panginoon. Ipinananalangin ko na ang bawat isa sa inyo ay manatiling gising sa abot ng inyong makakaya upang salubungin ang Panginoon, para kayo rin ay madala Niya sa Kanyang mga bisig patungong Langit.

# ANG PANAYAM

**NAG-IINTERBYU:**
Sarang, maaari bang ibahagi mo sa amin ang iyong naranasan sa espiritwal?

**SARANG:**
Makalipas ang ilang araw, habang nagbabasa ako ng Biblia, napunta ako sa estado sa pagitan ng pagigising tulog at gising. Sa maikling panahong iyon, nakita ko ang Langit at ang Impiyerno. At sinabi sa akin ng Panginoon na dapat kong ipagsabi at ibahagi sa lahat ng tao sa mundo ang aking mga nakita.

**NANAY NI SARANG:**



Kamakailan lamang, sinabi sa akin ni Sarang na “ *Inay! Nakita ko ang Langit at Impiyerno!”* at ikinuwento niya sa akin lahat ng nakita niya. Pinakinggan ko ang kwento niya. Habang nakikinig ako, bigla kong napagtanto na hindi lang basta panaginip iyon, kundi isang karanasan sa espiritwal. Naniniwala ako na ibinigay sa kanya ni Jesus ang karanasang ito para mabigyang babala ang lahat tungkol sa Araw ng Paghuhukom.

Lumaki si Sarang sa Salita ng Diyos, sa Ju-sarang Church. Malinaw niyang naririnig boses ng Diyos. Sigurado ako na inihahanda ng Panginoon ang Kanyang mga tagasunod sa pamamagitan ng mga batang katulad ni Sarang, para sa nalalapit na Araw ng Paghuhukom.



**NAG-IINTERBYU:**
Ano ang nakita mo?

**SARANG:**
Nakakita ako ng isang malaki at mahabang bus na kumikinang. May mga 30 tao na nakapila para

sumakay sa bus. Nang bumukas ang pintuan ng bus, lahat ng tao ay nagsimulang umakyat. Matapos na makasakay na ang lahat, nagsara na ang pintuan.



Bigla na lang dumating ang mga taong nakasuot ng kulay abong damit at nagsimulang katukin ang pintuan ng bus dahil gusto rin nilang makasakay. Ngunit hindi na muling bumukas pa ang pintuan. (Luke 13:25) Kaya sumuko na lang sila at galit na galit sa bus na papuntang langit. Habang papalayo, naging mga kulay itim sila.



**NAG-IINTERBYU:**
Ano pa ang nakita mo sa may bus?

**SARANG:**
May mga anghel sa tabi ng bus. Yung mga anghel, limang beses ang taas nila kaysa mga tao. Nakasuot sila ng kumikininang na kulay puting damit at may mga hawak na umaapoy na espada. Pinoprotektahan nila ang bus at ang mga tao sa loob nito.

**NAG-IINTERBYU:**
Anong ginagawa ng mga tao sa loob ng bus?

**SARANG:**
Nakangiti silang lahat. Nung pinagmasdan kong mabuti, nakita kong ang iba ang nagbabasa ng Bibliya, habang ang iba naman ay nakikinig sa Salita ng Buhay sa kanilang MP3.

**NAG-IINTERBYU:**
Sino ang nagmamaneho ng bus?

**SARANG:**
Ang pastor naming ang nagmamaneho. At may katabi siyang nagliliwanag na Lalaki. Sa sobrang liwanang nung Lalaki, para siyang hindi ordinaryong tao. Nasa likod ni pastor sa sister Seon-eui. Hindi ko na kilala yung iba pang mga nakaputi.

**NAG-IINTERBYU:**
Saan kayo nagpunta pagkalipas nun?

**SARANG:**
Ang bus ay lumipad kasama ng mga anghel papuntang Langit. Nang ang bus ay makalipad, nagsimulang umulan ng mga lumiliyab na asupre mula sa Langit. Bumuka ang lupa at lumabas ang apoy kung saan-saan. (Luke 17:29)




Nagsimulang sumigaw ang mga tao ng "*Tulungan niyo ako! Tulungan niyo ako!"* Ngunit tinupok ng apoy ang lahat ng hindi nakapasok sa bus papuntang langit.

**NAG-IINTERBYU:**
Ano naman ang itsura ng mga nakasakay sa bus?

**SARANG:**
Lahat sila ay may mga panatag na ngiti.

**NAG-IINTERBYU:**
Saan kayo nagpunta matapos lumipad ng bus patungong Langit?

**SARANG:**
Ang bus ay lumipad at nakarating sa isang lugar sa Langit. Nakita ko ang isang nagniningning na trono, at ang Panginoong Jesus ay nakaupo doon. Mayroon ding isang pinto sa likod ng trono na nabubuksan lamang ng mga anghel. Makalipas ang ilang sandali, binuksan ng mga anghel ang pinto, at ang lahat ng mga nakasakay sa bus kanina ay pumasok doon. Nang makapasok na ang lahat, isinara na ulit na pinto. Naramdaman ko na hindi na muling bubuksan pa ang pintong iyon.




**NAG-IINTERBYU:**
Ano ang nakita mo nung bumukas ang pinto?

**SARANG:**
Nung bumukas ang pinto, nagkaroon ng matinding liwanag, at nakita ko ang isang magandang kalikasan. Namangha ako sa napakagandang lugar na ito. Nakakita ako ng maraming mga anghel, mga hayop, mga bulaklak



at mga punong-kahoy.  Nakangiti ang mga anghel habang nakatingin sa mga bulaklak at mga hayop naman ay namamahinga at naglalaro. Namumukadkad ang mga bulaklak habang ang mga puno naman ay walang anumang depekto o sira. Naisip ko noon, *"Wow! Napakapayapa rito. Gusto kong tumira dito!"*



**NAG-IINTERBYU:**
Ano naman ang nangyari sa mga taong naiwan ng bus?

**SARANG:**



Nakita ko ang mga tao, na kasindami ng buhangin sa dalampasigan, na nakatayo sa harap ng Trono ng Diyos. Nang makita ko iyon, alam kong ito na ang 'Trono ng Paghuhukom ng Diyos'.  May anghel na nakatayo sa tabi ng Panginoon. Biglang dinala ng anghel ang isang lalaki na nakatayo sa harap ng Trono ng Paghuhukom patungo sa isang talampas kung saan matatanaw na ang Impiyerno. Ibinigay siya ng anghel sa isa pang anghel na naroon mismo sa may talampas. At ang lalaki ay itinapon sa Impiyerno. (Rev. 20:15) Matapos iyon, hinatulan ng Panginoon ang lahat ng mga taong natitira. Lahat sila ay itinapon rin sa Impiyerno. Lahat sila ay sumisigaw at humihingi ng awa "*Panginoon! Iligtas mo ako! Iligtas mo ako*!" Ngunit sumagot si Jesus, "***HULI NA ANG INYONG PAGSISISI!***"

**NAG-IINTERBYU:**
Ano ang nakita mo sa Impiyerno?

**SARANG:**




Nakita ko ang isang dagat ng dugo na may kumukulong apoy sa Impiyerno, at ang usok nito ay umaabot sa himpapawid. Madilim at malungkot ang kalangitan dito. Nakakita ako ng mga halimaw na may pakpak na lumilipad sa himpapawid habang sumisigaw. Nakakatakot talaga ang mga iyon.

Sumisigaw ang mga may pakpak na halimaw sa mga tao ng  mga matitinding pangungutya, at nagsasabing, "***Wala kayong ibang ginawa kundi ang magkasala!***" Sumisigaw naman ang mga tao habang nasa dagat-dagatang apoy ng "*Tulungan ninyo ako!"* Ngunit habang lumalakas ang kanilang pagsigaw, mas tumitindi naman ang kanilang paghihirap. Sinasaksak rin sila ng mga halimaw.



Maraming maliliit na uod dito na kumakain sa mga tao. (Mark 9:48)  Natatakot talaga ako, ngunit nang tumingin ako sa itaas, nakita ko ang Kaharian ng Langit, kaya nawala ang takot ko. Nakakatakot makita ang Impiyerno, pero nang makita ko ang Langit, napuno ako ng kagalakan.

Nang tiningnan kong maigi, nakakita ako ng mga anghel sa langit na lumilipad at umaawit ng "***Purihin ang Panginoon! Sambahin ang Panginoon!***"

Matapos ang karanasang ito, muli akong nagising. Pakiramdam ko noon na kagagaling ko lang sa Langit at Impiyerno. Matapos iyon, sinabi ko sa sarili ko na "*Pupunta ako sa Langit ANUMAN ang mangyari, at hinding-hindi ako pupunta sa Impiyerno."* Sa aking palagay ay kakaunti lamang ang bilang ng mga taong maliligtas sa mundong ito, dahil 30 tao lang ang nakita ko sa bus patungong Langit, at ang lahat ng maiiwan sa mundo ay itatapon naman sa Impiyerno.



Siguro ay baka mas kaunti pa sa 30 tao iyon dahil sabi sa **Luke 17:26** na sa mga araw ng Anak ng Tao, na siya ring katapusan ng mundo, ay katulad din sa panahon ni Noe. Ang bilang ng mga taong nakasakay na barko ni Noe ay 8. 8 lamang ang naligtas nung panahon ni Noe. Kaya naniniwala akong kakaunti rin lamang ang maliligtas.



Kaya ako ay determinadong manatiling gising magmula ngayon, at nais kong magpunta sa Langit anuman ang mangyari. Sinabi ng Panginoon na nalalapit na ang pagbabalik Niya. Ngunit walang nakakaalam ng eksaktong araw at oras ng pagbabalik na ito. (Matt 24:36) Kaya't tayo ay dapat maging handa sa lahat ng oras, maging gising upang salubungin ang Panginoon (Luke 21:36), dahil ang Panginoon ay darating sa araw na hindi mo inaasahan, at ang taong hindi handang sumalubong sa Panginoon ay hindi makakapunta sa Langit!

Panginoon! Maraming salamat po sa napakahalagang karanasang ito. Mahal na mahal kita Panginoon!

*[Note by Spiritlessons.com: Ang patotoo ni Sarang na siya'y nakakita ng kakaunting bilang ng taong maliligtas ay hindi nangngahuluhang talagang kakaunti lamang ang maliligtas. Sinasabi sa Pahayag 7:9,13-14 na "napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika" ang maliligtas at haharap sa trono sa Langit. **Sarang, ito ay nangangahulugang Pag-ibig sa salitang Koreyano.]*

**Isinalin sa Tagalog ni Nellie Tan**
**Ika-5 ng Marso, 2013**

**Email: iamladynellie@gmail.com**









